


# BALITANG PALABAS

para sa madaliang paglalathala



CCPA  
CANADIAN CENTRE  
for POLICY ALTERNATIVES  
BC Office



Disyembre 10, 2007

## Hindi makatotohanang mga pangako sa mga bagong imigrante.

### Inihayag ng pag-aaral ang paikot na gulong ng mababang pasahod sa mga trabaho, paglabag sa mga karapatan sa lugar ng pinagtatrabahuhan.

(Vancouver) Sa kabila ng mataas na antas ng edukasyon, marami sa mga bagong imigrante sa BC ay nakikita ang kanilang mga sarili na nanatili sa mga trabahong mababa ang pasahod, na may kakaunting makahulugang proteksiyon sa lugar na pinagtatrabahuhan, sangayon sa bagong pag-aaral na inilabas ng Sentro ng Canada para sa Mga Alternatibang Patakaran (Canadian Centre for Policy Alternatives) at ng Philippine Women Centre.

Mga Karapatan sa Lugar na Pinagtatrabahuhan para sa mga Imigrante sa BC: Ang Kaso ng mga Manggagawang Pilipino (Workplace Rights for Immigrants in BC: The Case of Filipino Workers) ay naghahayag na kahit na maganda ang ekonomiya ng BC, ang mga bagong imigrante sa probinsya ay kadalasang nakikita na ang kasiguruhang pang-ekonomiya ay mailap. Kadasalan sila ay nagtatrabaho sa ilalim ng mga hindi ligtas na kalagayan na may kaunting pagsasanay o mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan. Nalaman din mula sa pag-aaral na ang pagpapatupad ng Batas ng Pamantayan sa Pagpapatrabaho (Employment Standard Act (ESA) ay halos walang bisa. Wala ni isa sa mga kinapanayam sa pag-aaral ang gumamit ng nasa wikang Inglis lamang na "self-help kit" ( ang tanging paraan upang maiulat ang mga paglabag sa Ministri ng Paggawa at mga Serbisyonang Pangmamamayan (Ministry of Labour and Citizens' Services), sa kabila ng nararanasang paglabag sa ESA.

"Ang aksiyon ng gobyernong pangprobinsya na pagbabalik (rollback) ng pamantayan sa pagpapatrabaho sa 2002 ay nangangahulugan na marami sa mga pangunahing karapatan sa pagtatrabaho ang sa kasalukuyan ay nariryan bilang karapatan sa papel lamang (paper-rights), lalo na sa mga bagong imigrante," ani Habiba Zaman, propesor sa SFU at kasamang sumulat (co-author) ng report.


"Kung walang nagpabatid sa inyo ng inyong karapatan at walang aktibong nagpapatupad ng mga ito, paano ninyo matatamasa ang mga proteksyon na dapat nariryan para sa lahat ng manggagawa sa BC?" patuloy ni Zaman.

"Ang mga imigrante na may matataas na pinag-aralan ay dumarating sa Canada nang may pangako ng magandang pamamasukan o trabaho," sinabi ni Cecilia Diocson, kasamang sumulat ng report at 'executive director' ng National Alliance of Philippine Women in Canada. "Sa halip, sila ay nakararanas ng malubhang parusang pangtransisyon sa pamamagitan ng mga trabahong may mababang pasahod, na kadalasan ay walang sapat na mga proteksyon. Ito ay isang paikot na gulong (cycle) na umaabot sa hindi kasiya-siyang pagtatrabaho ng maraming taon at maaaring humantong sa pangmahabang panahon na paghihirap ng kabuhayan."

Batay sa mga napag-alaman mula sa report at sa pakikipagkonsulta sa mga samahang naglilingkod sa mga imigrante (immigrant-serving organizations), ang pag-aaral ay gumawa ng mga malawakang rekomendasyon na pangpatakaran, kabilang ang:

- Pagtanggap sa \$6 na pasahod sa unang trabaho (\$6 first-job wage), at pagtataas ng 'minimum' na pasahod sa \$10 bawat oras.
- Pagtatatag ng mga pangkat na taga-subaybay (proactive monitoring teams) na magsisiyasat nang walang pinipili na mga lugar na pinagtatrabahuhan para sa pamantayan sa pagpapatrabaho at paglabag sa ligtas na pagtatrabaho. Pagtataas ng mga multa para sa mga paglabag.
- Pagtanggap sa "self-help kit" at pagpayag na dalhin ng mga manggagawa ang mga hinaing o reklamo tungkol sa paglabag sa lugar ng pinagtatrabahuhan nang direktso sa Sangay ng Pamantayan sa Pagpapatrabaho (Employment Standards Branch). Gayundin, bigyan ng pondo ang isang nakabase sa komunidad, na hindi naghahangad na tumubong sistema (community-based, non-profit system), na magbibigay ng tulong, kasama ang pagtataguyod (advocacy), sa mga manggagawa na naniniwala na ang kanilang karapatan ay nalabag.

*May karugtong...*



### *Mga rekomendasyon karugtong*

- Pagdaragdag sa kalahatan ng pampublikong edukasyon ng ESA sa pamamagitan ng mga sesyong pang-impormasyon, pagsasalin sa mga angkop na wika at malawakang pagpapamahagi. Pagbabalik sa kautusan na ang mga karapatan ay ipaskel sa mga lugar na pinagtatrabahuhan.
- Palawakin ang 'minimum call-in' na panahon mula sa dalawa hanggang sa apat na oras. Ang dalawang oras na bayad ay hindi sapat, lalo na kung ang manggagawa ay kailangang magbiyahe nang malayo upang makarating sa pagtatrabahuhan.
- Magbukas ng marami pang opisina ng Sangay ng Pamantayan sa Pagpapatrabaho (Employment Standards Branch), at maglagay ng isang hotline para sa Employment Standards Branch. Maglagay ng mga kawani sa hotline ng mga taong maaaring sumagot ng mga katanungan sa higit sa isang wika.
- Magkaloob ng mga sapilitang sesyong pang-impormasyon sa ESA para sa mga empleyado at mga nagpapatrabaho (employers). Simula noong 2001, pito sa pinakamataas sa sampung mga bansa na pinagmumulan ng mga imigrante (Tsina, Pakistan, Pilipinas at iba pa) ay mula sa Asya. Ang pamantayan sa pagpapatrabaho ay halos walang bisa sa karamihan ng mga bansang ito. Ang mga imigranteng ito ay kinakailangang malaman ang tungkol sa kanilang karapatang pangmanggagawa.

***Mga Karapatan sa Lugar na Pinagtatrabahuhan para sa mga Imigrante sa BC: Ang Kaso ng mga Manggagawang Pilipino*** (Workplace Rights for Immigrants in BC: The Case of Filipino Workers), nina Habiba Zaman, Cecilia Diocson at Rebecca Scott ay makikita sa [www.policyalternatives.ca](http://www.policyalternatives.ca).

-30-

Upang makipag-ayos ng panayam o interbyu tawagan si Terra Poirier sa 604-801-5121 x229.

Ang pag-aaral ay ginawa bilang bahagi ng Proyektong Seguridad sa Ekonomiya (Economic Security Project), isang magkasamang inisyatiba o pagpapasimuno ng CCPA at Unibersidad ng Simon Fraser, na ang pangunahing pondo ay ipinagkaloob ng Social Sciences at Humanities Research Council of Canada (SSHRC). Ang pag-aaral na ito ay tumanggap din ng bigay na pondo (grant) mula sa Vancouver Foundation, na naging malaking bagay para sa pagpapadali sa proseso ng pananaliksik.

## **Ano ang Mga Pamantayan sa Pagpapatrabaho (Employment Standards)?**

Ang mga pamantayan sa pagpapatrabaho (employment standards) ay bahagi ng mas malawak na sistema ng mga batas pangmanggagawa. Sinasaklaw nila ang mga isyu tulad ng minimum na pasahod, pinaka-maiksi at pinakamahabang oras ng pagtatrabaho, bayad sa 'overtime', pagliban kaugnay ng pagiging magulang (parental leave) at mga pista opisyal. Ang mga ito ay nararapat na mag-alok ng panimulang antas ng proteksiyon para sa lahat ng mga manggagawa — magkaloob ng kasiguruhan na sila ay maaaring kumita ng disentang kabuhayan sa ilalim ng mga makatarungang kondisyon, protektahan ang kanilang personal na kaligtasan, at mabalanse ang buhay sa trabaho at sa pamilya. Samantalang mahalaga sa lahat ng manggagawa ang mga pamantayan sa pagpapatrabaho, ang mga ito ay katangi-tanging mahalaga sa mga manggagawa na walang gaanong lakas o proteksiyon – yoong mga pinakawalang kakayahan na makipagtawaran sa mga nagpapatrabaho sa kanila at yoong mga hindi kinakatawan ng mga unyon. Malaking bahagi ng mga manggagawang ito na walang gaanong lakas o proteksiyon ay mga kababaihan, mga bagong dating na imigrante, mga nabibilang sa lahing minorya (racial minorities), at mga batang edad.

Sa pagitan ng 2001 at 2004, ang gobyerno ng BC ay pinahina ang mga alituntunin sa mga pamantayan sa pagpapatrabaho at binawasan ang pagpapatupad sa mga ito.